# Sipat-Suri sa Pelikulang "Mga Kuwentong Barbero" ni Jun R. Lana mula sa Teoryang Feminismo

**Jobelle B. Lazaga [1] and John A. Ocampo, Ph.D. [2]**

Core Gateway College, Inc.San Jose City, Nueva Ecija, Philippines[1]
Department of Education, Division of Science City of Munoz[2]

Corresponding author's email: Jobellelazaga18@gmail.com[1] and john.ocampo@deped.gov.ph[2]

---

## ABSTRACT

This research focuses on and covers an in-depth analysis of the movie "Mga Kuwentong Barbero" by Jun R. Lana using radical and liberal Feminism. This research is qualitative research with a descriptive design because the researcher wanted to show the female issues that surfaced in the film and the scenes that show the weakness and strength of the heroine. In this study, content analysis was used, and based on the explorations in the film, the most dominant topic is the "recognition and acceptance of women's abilities, standing for Freedom and consuming the forces of brutality. Meanwhile, ten (10) characters, five (5) settings, and seven (7) symbolisms and associations showed the importance of feminism through a change in the view of women's abilities.

The research findings are significant, with nine (9) scenes that highlight Feminism, sixteen (16) scenes that showcase women's strength, and seven (7) scenes that reveal the vulnerability of the female characters. The researcher meticulously reviewed and evaluated the study, developing a questionnaire that was answered by five (5) Teacher III from the Division of San Jose City, Nueva Ecija, at the San Jose City National High School. The result, a substantial 3.95 percent, underscores the importance of the research. The researcher also created a Self-Learning Kit, which was answered by five (5) Teacher III from San Jose City National High School, resulting in a total of 3.81 percent. These findings can significantly enhance interactive learning for students in Grade 8.

***Keywords.*** *Paggalugad, pelikula, Feminismo,pagkilala ,pagtanggap,*

*interaktibo, self-learning kit (Exploration, film, feminism recognition,acceptance, interactive, self-learning kit)*

## INTRODUCTION

Ang panonood ay hindi na mawawaglit sa pamumuhay ng mga Pilipino, sa limang makrong kasanayan, ang panonood ang may pinakamataas na porsyento. Hindi na nga yata maiaalis sa mga Pilipino ang pagkakaroon ng libangan kung saan ang mga libangang ito ang nagiging daan upang maibsan ang ilang problemang kanilang kinahaharap, Aycardo (2019).

Samakatwid sa pag-aaral ni Singleton (2010), ang panonood ay nakawawala ng kamangmangan. Sa pamamagitan ng panonood ay nalalaman ang nangyayari sa mundo maging ito man ay malaki o maliit, masaya o malungkot, kaya ang tao ay nakasasabay sa mga kaganapan sa mundo. Ito ay nagpapaabot sa ating kamalayan ng mga mahahalagang bagay at pangyayari. Sa pamamagitan ng panonood ay natututo tayo ng mga bagay na makatutulong sa ating pag-unlad.

Ang mga independent film o indie film ang tumatayong sentro at buhay ng pelikulang Pilipino ngayon. Ito ay mga pelikulang ginawa sa labas ng mga malalaking studio. Hindi ito tulad ng mainstream films na pinamumunuan ng malalaking mga studio mula sa produksyon, distribusyon at nilalaman na tinatawag ring *commercialized films.*

Sa paglipas ng panahon ang panonood ay patuloy na lumalawak ang saklaw at isa na rito ang pagsibol ng mga pelikula. Kilala ang pelikula bilang sine at pinilakang tabing, isang larangan na sinasakop ang mga gumagalaw na larawan bilang isang anyo ng sining o bilang bahagi ng industriya ng libangan. Ang pagsusuring ito ay magiging susi upang magkaroon ng tiwala sa sariling kakayahan at magkaroon ng paninindigan sa pagharap sa balakid na nakaamba sa buhay, higit sa lahat upang waksihan ang puwersa ng kalupitan gaya ng distriminasyon sa kasarian.

Maraming mamamayan ang nahuhumaling sa panonood ng pelikula, kadalasang tinatangkilik ang iba't ibang plataporma sa larangan ng panonood katulad ng *Netflix, iFlix, Viu, Vivamax, Iwant TFC* at iba pa. Isang malaking oportunidad na mailunsad sa Cinemalaya ang natatanging akda ni Jun R. Lana na pinamagatang "Mga Kuwentong Barbero" na siyang kapupulutan ng mga ginintuang aral. Malaking tulong na pag-aralan ang pelikula upang maging bukas ang isipan ng mga manonood. Ayon kay Buban (2012), maraming maaaring makita sa

ating lipunan. Ang matamang pagmamasid ay nakatutulong upang maging bukas ang isipan sa mga isyung nakapaligid.

**Suliranin ng Pag-aaral.** Matukoy ang mga salik na nakaangkla sa mga suliranin na kinakaharap ng lipunan katulad ng kawalan ng tiwala sa kakayahan ng babae o diskriminasyon sa kasarian, sapilitang pakikipagtalik, pakikiapid, kawalan ng kalayaang magdesisyon, kawalan ng karapatang makipagtalik sa asawa, kawalan ng kakayahang magbuntis at pisikal na pang-aabuso sa asawang babae na nagpapabigat sa estado ng pamumuhay ng bawat tao at mga napapanahong usapin na umiiral sa ating bansa.

## METODOLOHIYA

Ang isinagawang pag-aaral ay ginamitan ng Disenyong Kwalitatibo. Ang pelikulang "Mga Kuwentong Barbero" ni Jun R. Lana ay sinuri sa pamamagitan ng pag-aanalisa sa nilalaman (*content analysis*) ng mga ito. Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng palarawang pagsusuri (*descriptive analysis*) upang malalim na masuri ang pelikula. Teoryang Radical at Liberal na Feminismo ang ginamit na batayan sa pagsusuri upang galugadin ang mga isyung pambabae at ang mga eksena na nagpapakita ng kalakasan at kahinaan ng kababaihan at matukoy ang mahahalagang aral at mga paalala sa buhay na magiging gabay ng mga manonood.

Sa pag-aaral ni Nehere (2016), tinalakay niya na ang feminismo ay pumapatungkol sa prinsipyo o paniniwalang nararapat na maging pantay lahat ng mga babae at lalake sa pagtatamasa ng mga karapatan sa lipunan tulad ng karapatang sosyal, karapatang ekonomiko, at karapatang politika. Ang layunin ng teoryang ito ipamulat sa bawat isa na maging pantay lahat ng mga babae at lalake sa pagtatamasa ng mga karapatan.

> *Radical feminism insists that women's subordination does not depend on other forms of domination, such as class. They argue that patriarchy, or the domination of women by men, is primary: it exists in virtually every known society, even those without classes. As it is deeply embedded in individual psyches and social practices, women's subordination is more challenging to change than class"* (Rojas, 2021).

> *Liberal feminism focuses on women's legal rights and gender equality. They believe that women have the same rights as men and that women's integration into the public sphere is as important as men's integration into society. Women should participate in economic, educational, decision-making, and legal development.* (Mukul, 2022)

## RESULTA AT PAGTALAKAY

Sa bahaging ito ay inilahad ang kabuoan ng pagsusuring ginawa ng mananaliksik sa pelikulang "Mga Kuwentong Barbero" ni Jun Robles Lana gamit ang feminismong dulog.

### Pagsusuri sa Pelikula Batay sa Paksa

Ang paksa ay tumutukoy sa pangunahing ideya o tema na isinasaalang-alang sa isang akda, talakayan, pagsusulit, o anumang uri ng komunikasyon. Sa isinagawang pag-aaral ni San Juan (2013), tema o paksang-diwa ang kaisipang iniikutan ng mga pangyayari sa kuwento. Upang mabilis na matukoy ang paksang-diwa ng kwento, mahalagang itanong sa sarili kung ano ang sentral na ideya nito.

**Talahanayan Blg. 1.1 Pagsusuri sa Pelikula Batay sa Paksa**

| Pamagat ng Pelikula | Paksa |
|---|---|
| Mga Kuwentong Barbero<br>Ni: Jun R. Lana | 1. "pagkilala at pagtanggap sa mga kakayahan ng kababaihan".<br>2. "paninindigan para sa kalayaan"<br>3. "pagtupok sa pwersa ng kalupitan" |

**Karugtong, Talahanayan Blg. 2**

Sa kabuoan ng Talahanayan Blg. 1.1 ang pelikulang "Mga Kuwentong Barbero" ni Jun R. Lana ay may temang "pagkilala at pagtanggap sa mga kakayahan ng kababaihan", "paninindigan para sa kalayaan" at "pagtupok sa pwersa ng kalupitan", ito ay pumapatungkol sa liberal at radikal na feminismo na magsisilbing kamulatan ng mga manonood partikular sa mga mag-aaral. Ipinakita sa pelikula kung paano hinarap ng mga tauhang babae ang mga suliraning dumaratal sa kanilang buhay. Mahihinuha ang ibat-ibang isyung pambabae kagaya ng: kawalan ng tiwala sa kakayahan ng babae o diskriminasyon sa kasarian,

sapilitang pakikipagtalik, pakikiapid, kawalan ng kalayaang magdesisyon at pisikal na pang-aabuso sa asawang babae. Makikita rin sa pelikula ang *sisterhood* o pagkakaisa ng kababaihan na isang manipestasyon ng hustisya ang resultang pagbubuklod upang tupukin ang pwersa ng kalupitan at manindigan para sa Kalayaan.

## Paglalarawan sa mga Tauhan

Ang tauhan ay tumutukoy sa mga karakter o indibidwal na bumubuo ng isang akda, kuwento, pelikula, o anumang sining na naratibo.

## Talahanayan Blg. 1.2 Paglalarawan ng Tauhan

| Mga Tauhan | Katangian |
|---|---|
| 1. **Marilou (Eugene Domingo)**  (R.T: 0:49:12) | Ang maybahay ni Jose. Siya ay masipag at maasikasong asawa, sa kasamaang palad ay namatay ang kanilang nag-iisang anak at maagang nabalo sa kanyang asawa. Nang mamatay ang kaniyang asawa, tila nawalan ng kabuluhan ang kaniyang buhay, sapagkat noong nabubuhay ang kaniyang asawa tanging si Jose lamang ang nagdedesisyon para sa kaniya. Naging malungkot ang buhay niya, naisipan niyang lumuwas ng Maynila upang pumasok bilang kasambahay hanggang sa napagtanto ng kura paroko na higit pa ang kaya niyang gawin bilang barbero. |
| 2. **Jose (Daniel Fernando)**  (R.T: 0:07:29) | Kilala siya bilang isang mahusay na barbero sa kanilang lugar. Naging malamig ang pagsasama nila ni Marilou at naibaling sa iba ang kanyang atensiyon. Kaya't nakuha nitong mangaliwa sa kaniyang asawa. Palihim itong nagtutungo sa Casa. |


Makikita sa kabuoan ng Talahanayan Blg. 1.2 na ang pangunahing tauhang nabanggit ay nagpakita ng kahalagahang feminismo sa pelikula, ang tauhan ay nagiging salamin ng reyalidad, sa

pamamagitan ng kanilang mga pagsasalita at pakikisalamuha ay naipapakita nila at naipapadama ang kahalagahang feminismo sa mga manonood at lalong higit sa mga mag-aaral at batay sa pag-aaral ni Ladaban (2022), ang tauhan ang pinakamahalagang elemento sa isang kuwento at ito ang kaluluwa ng anumang akda. Walang kuwento kung walang tauhan. Inilarawan sa pelikulang "Mga Kuwentong Barbero" ang mga tauhan ayon sa kanilang mga suliraning pinagdaanan.

## Paglalarawan sa Tagpuan

Ang tagpuan ay tumutukoy sa lugar o kapaligiran kung saan naganap ang mga pangyayari sa isang akda, kuwento, o pelikula. Ito ang *setting* ng kwento na naglalarawan ng pisikal na lokasyon, panahon, at kultura kung saan nangyayari ang mga pangyayari. Ang tagpuan ay nagbibigay ng kontekstong nagpapahayag ng kahalagahan sa kuwento.

**Talahanayan Blg. 1.3: Paglalarawan sa Tagpuan**

| Mga Tagpuan | Paglalarawan |
|---|---|
| 1. **BARBERSHOP**   (R.T: 0:00:28) | Ang barber shop ay naging tanyag bilang isang lugar kung saan nagaganap ang mga makulay na kuwento at usapan. Maaaring magsilbing tagpuan para sa mga pangaral, tukso, at iba't ibang klaseng pagninilay-nilay. Sa mga tradisyunal na komunidad, ang barber shop ay maaaring maging sentro ng sosyal na buhay. Ito ay isang lugar kung saan ang mga tao ay nagkakaroon ng pagkakataong magkakilala, magbahagi ng karanasan, at magpalitan ng mga opinyon ukol sa iba't ibang aspekto ng buhay.<br>Sa punto de vista ng mga kababaihan ang barber shop para sa kanilaay isang paraan para sa kanila na ipakita ang kanilang personal na pananamit at pag-aayos ng buhok. Dito rin nagkakaroon sila ng palitan ng kuro-kuro o sa madaling sabi nagchichismisan ukol sa iba't ibang aspeto ng buhay. |


Sa kabuoan ng Talahayan Blg.1.3 sa pamamagitan ng lugar na pinangyarihan sa pelikula ay naipakita ang kahalagahang feminismo sa iba't ibang kaparaanan. Malaki ang ginampanan ng tagpuan sa pelikulang "Mga Kuwentong Barbero" dahil dito nahinuha ang buhay na pinagdaraanan ng mga tauhan sa kuwento. Ayon kay Oligan (2019), mahalaga ang tagpuan sapagkat masasalamin dito ang isang bahagi ng

pagkakakilanlan ng tauhan. Tumutugma ang mga nilikhang tagpuan sa mga sitwasyon o pangyayari sa kwento. Masasalamin kung anong antas ng pamumuhay mayroon ang mga tauhan dahil sa tagpuan.

## Mga Isyung Panlipunan ng Kababaihan

Ang isyung panlipunan ay tumutukoy sa mga paksa, isyu, o mga problema na may kaugnayan sa lipunan o sa buhay ng mga tao sa isang bansa o komunidad.

**Talahanayan Blg. 2: Mga isyung pambabae mula sa pelikulang "Mga Kuwentong Barbero" ni Jun R. Lana**

| Dayalogo/eksena | Mga Isyung Pambabae | Kahalagahang Feminismo |
|---|---|---|
| "Hindi naman sa minamaliit kita Marilou pero babae ka, kaya kung mayroon mang dapat humalili kay Jose bilang barbero sa lugar natin ako yun."<br><br>(R.T: 0:33:16-0:33:22)<br> | Diskriminasyon ayon sa kasarian | Pagpapakita na hindi pantay ang pagtingin sa mga kababihan at hindi pagkilala sa mga kakayahan ng kababaihan sa mga aktibidad at trabaho na ayon sa kasaysayan ay naiugnay sa mga kalalakihan. |
| "iha, e marunong ka ba talaga? papaano kung datnan ka? yung asawa ko pagnireregla dati nako hindi muna maaasahan sa bahay oh e ikaw pa kaya, paano mo ako gugupitan?"<br>(R.T: 0:53:20-0:53:33) | Kawalan ng tiwala sa kakayahan ng babae. | Si Lolo Ambo ay nagdududa sa kakayahan ni Marilou sapagkat inihambing niya ang kanyang asawa sa tuwing may regla ay hindi na makagawa ng mga gawaing bahay. |

Makikita sa kabuoan ng Talahanayan Blg. 2 batay sa pagsusuri sa pelikula lumabas ang mga isyung pambabae gaya ng: kawalan ng tiwala sa kakayahan ng babae o diskriminasyon sa kasarian, pakikipagsiping sa hindi asawa, sapilitang pakikipagtalik, pakikiapid, kawalan ng kalayaan, kawalan ng karapatang makipagtalik sa asawa, kawalan ng kakayahang magbuntis at pisikal na pang-aabuso sa asawang babae. Batay sa pag-aaral ni Eliza (2023), ang mga isyung panlipunan ay mahalagang malaman upang magkaroon ng kamalayan sa mga suliranin at mga hamon na kinakaharap ng ating lipunan.

## Mga Eksena sa Pelikula na nagpapakita ng Kalakasan at Kahinaan ng Kababaihan

Ang eksena ay nagbibigay ng masusing paglalarawan sa kapaligiran, damdamin, at interaksyon ng mga tauhan. Ito ay lumilikha ng tunay na larawan o imahe ng mga pangyayari, nag-aambag sa kabuuang struktura ng akda, at nagbibigay-konteksto sa mga pangunahing ideya o tema na nais iparating ng may-akda.

**Talahanayan Blg. 3: Mga Eksena sa Pelikula na nagpapakita ng Kalakasan at Kahinaan ng kababaihan**

| Mga Eksena sa Pelikulang “Mga Kuwentong Barbero” | Kalakasan (Diyalogo) | Interpretasyon |
|---|---|---|
|   (R.T: 0:27:37-0:27:42) | 1.“napakalinis, pantay na pantay, mahusay ka Marilou” | Sa pagkakataong ito na pinuri siya ni Fr. Arturo, muling nanumbalik ang tiwala nito sa kanyang sarili, sapagkat mayroong isang tao na naniniwala sa kanyang kakayahan. |

| Mga Eksena sa Pelikulang “Mga Kuwentong Barbero” | Kahinaan (Diyalogo) | Interpretasyon |
|---|---|---|
|  (R.T: 0:06:27-0:06:41) | 1.“puwede na, hindi na masama. Pero may kabagalan ka pa kase sa paghagod. Sabi ko naman sayo gamitin mong pangsuporta ang daliri” | Nagpapakita na ang lalaki ay mas marunong sa mga gawaing panglalaki. |

Makikita sa kabuoan ng Talahanayan Blg. 3 ang mga eksena sa pelikula na nagpapakita ng kalakasan at kahinaan ng mga babae gamit ang dulog feminismo. Bawat kasarian mapababae man o mapalalaki ay may ipinapakitang kahinaan at kalakasan. Ayon sap ag-aaral ni Staar (2016), ang isang eksena ay karaniwang aksyon na nagaganap sa isang lugar patungo sa iba pa at ito ay nagpapatuloy hanggang sa matapos ang mga

kaganapan o pangyayari. Mahalagang sangkap ang mga eksena sa pelikula sapagkat ito ang nagsisilbing kalinawan sa mga manonood. Makabuluhan ang bawat eksena sapagkat mayroon itong mga nakatagong kahulugan at koneksyon sa bawat pangyayari.

**Pagbuo ng Self-Learning Kit para sa Baitang 8**

Nabuo ang mungkahing "Sefl-Learning Kit" mula sa pagsusuri ng pelikulang "Mga Kuwentong Barbero" ni Jun R. Lana para sa mga mag-aaral gayundin sa mga guro. Sinuri at kinilatis na mabuti ng mananaliksik kung ano ang karagdagang instrumento na maaring gamitin sa pagkatuto ng mag-aaral. Ito ay nanghihikayat ng interaktibong pagsagot sa mga gawain, napupukaw ang interes ng mga mag-aaral. Bumuo ang mananaliksik ng mga gawaing tiyak na magiging kapakinabangan sa mga mag-aaral tungo sa masusing pagkatuto at pagsagot. Ang *Self-Learning Kit* na binuo ng mananaliksik ay kinapapalooban ng mga kasanayan sa pagkatuto na mula sa *Most Essential Learning Competencies* (MELCs) na nakabatay sa kurikulum para sa Baitang 8. Ito ay kagamitan ng mag-aaral na naglalaman ng mga gawain na isinulat sa paraang madaling mauunawaan at magagawa ng mag-aaral kahit wala ang guro sa kaniyang tabi. Binubuo ito ng iba't ibang gawain na siyang gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang pampagkatuto na inihanda ng guro.

**Kabisaan ng Nabuong "Self-Learning Kit"**

Makikita sa Talahanayan Blg. 4 ang kabisaan ng nilikhang "Self-Learning" na ginawa ng mananaliksik.

**Talahanayan Blg. 4. Resulta ng Pagtataya sa Kabisaan ng Nabuong "Self-Learning Kit"**

| Batayan | DG1 | DG2 | DG3 | G4 | UG5 | Pinagsamang tuos | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Layunin** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | Sapat na Sapat |
| **Nilalaman** | 3.8 | 3.6 | 4 | 3.6 | 4 | 3.8 | Sapat |
| **Pagkakabuo** | 4 | 3.6 | 4 | 3.2 | 3.6 | 3.68 | Sapat |
| **Pagtataya** | 4 | 3.4 | 3.8 | 4 | 3.6 | 3.76 | Sapat |
| **Kabuoan** | | | | | | **3.81** | **Sapat na Sapat** |

| Scale Range | Interpretasyon |
|---|---|
| 3.25-4.00 | Sapat na sapat |
| 2.50-3.24 | Sapat |
| 1.75-2.44 | Hindi Sapat |
| 1.00-1.74 | Kailangan ng Pagbabago |

Isinagawa ang pagtataya sa kabisaan ng nabuong *"Self-Learning Kit"* sa pamamagitan ng talatanungang ipinataya sa limang (5) Guro III sa sa Dibisyon ng San Jose City Nueva Ecija, mula sa San Jose City National High School.

Nagkaisa ang mga tagataya sa kabisaan ng *Self-Learning Kit* batay sa pangkabuoang resulta na 3.81 na nangangahulugang sapat ang

ginawang awtput.

Sa batayang layunin, ang naging resulta ng pinagsamang tuos ay 4 na nangangahulugang sapat na sapat. Sa nilalaman naman ay 3.8 na ang interpretasyon ay sapat. Sa pagtataya ay 4 na nangangahulugang sapat na sapat at panghuli ay ang pagtataya na nakakuha ng 3. 76 na nagpapatunay na sapat na sapat ang ginawang pagtataya sa *Self-Learning Kit.* Sa kabuoan ng isinagawang pagtataya ng mga eksperto, nangangahulugan lamang na naging mabisa, makahulugan at makabuluhan ang nilikhang "*Self-Learning Kit"* ng mananaliksik.

## KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa mga nakalap na datos at impormasyon, ang mananaliksik ay humantong sa sumusunod na kongklusyon, ang paksa o temang pinakanangibabaw sa pelikula ay ang pagkilala at pagtanggap sa mga kakayahan ng kababaihan, paninindigan para sa kalayaan at pagtupok sa pwersa ng kalupitan. Lumutang sa pelikula ang kahalagahang radikal at liberal na feminismo sa sampung (10) tauhan na sina Marilou, Susan, Tessie, Rosa, Cecilia, Jose, Fr. Arturo, Edmond, Mayor Alfredo at Jess samanatala ipinakita ang Barber Shop, Casa, Simbahan, Bahay ni mayor at ang palengke na bumubuo sa limang (5) tagpuan sa pelikula. Ang banghay na simula, gitna at wakas ay nagpakita ng kahalagahang feminismo sa pamamagitan ng pagkakaroon ng tiwala sa sariling kakayahan at pagkakaroon ng paninindigan para sa katotohanan at kalayaan. Mayroong pitong (7) simbolismo na nakatulong upang mas higit na maunawaan ang nilalaman ng pelikula at mabigyan ng mas malalim na pagsusuri ang akda. May siyam (9) na larawan ng mga eksena tungkol sa mga isyung pambabae nagbigay-diin sa dulog feminismo. Lahat ng mga dayalogo/eksenang ipinakita ay tumalakay sa isyung pambabae na naranasan ng mga tauhang babae mula sa pelikula ang binigyang pansin upang higit na mapalalim ang pagsusuri sa dulog Feminismo. May labing-anim (16) na eksena/dayalogo na nagpakita ng kalakasan ng mga kababaihan at mayroong pitong (7) larawan ng mga eksenang na nagpakita naman ng kahinaan ng mga tauhang babae na higit na nakatulong sa pag-aaral upang mapalutang ang teoryang feminismo. Nakabuo ng mungkahing "*Self-Learning Kit*" ang mananaliksik mula sa pagsusuri ng pelikulang "Mga Kuwentong Barbero" ni Jun R. Lana na makatutulong sa interaktibong pagkatuto ng mga mag-aaral sa Baitang 8. Nagkaroon ng pagsusuri at ebalwasyon para sa nabuong *Self-Learning Kit* na sinagutan ng limang (5) Guro III mula sa San Jose City National High School.

Lungsod ng San Jose City, Nueva Ecija.

Kaugnay ng isinagawang pag-aaral, buong pagpapakumbabang iminumungkahi ng mananaliksik sa mga kinauukulang indibiduwal, pangkat, tanggapan o institusyon ang mga sumusunod na rekomendasyon: una, pag-ibayuhin pa ang pag-aaral at pagsusuri ng pelikula hinggil sa mga paksa, tauhan, tagpuan, banghay at simbolismo upang masuri ng wasto. Ikalawa, hinihikayat na suriing mabuti ang bawat eksana ng pelikula upang makapagbigay ng ibang uri ng dulog na maaaring gamitin mula sa malalimang pagsusuri. Ikatlo, maaaring suriin ang bawat anggulo ng pelikula upang mabigyang-diin ang mga eksenang magpapatibay sa dulog na gagamitin. Ikaapat, hinihikayat na sumuri ng iba pang pelikula na may kaugnayan sa paksa at bigyan ng paghahalintulad at pagkakaiba ang pelikula upang higit pang maging mabisa at malalim ang pagsusuri ng akda. Ikalima, sa mga bagong manunulat gamitin ang pelikula bilang daluyan ng pagpapahayag ng damdamin, karanasan, saloobin at kasiningan gayundin sa mga susunod na mananaliksik na gusto pang magkaroon ng mas malalim na pag-aaral at maaaring gumamit ng iba pang mga teoryang pampanitikan na magiging batayan ng pag-aaral. Ikaanim, Bumuo ng karagdagang mga gawain, alternatibong kagamitang pampagtuturo na maaaring gamitin sa interaktibong pagkatuto ng mga mag-aaral.

# REFERENCES


Aycardo, S.M.R. (2019). Pagdulog Kultural ng kalagayang Panlipunan sa mga Piling Korean Drama at Filipino Drama: Pagbuo ng Modelong Pagsusuri. Pamantasang Manuel L. Quezon 916 R. Hidalgo St., Quiapo, Manila Di-nalathalang thesis

Buban, (2012). Mga Kaugnay Na Literatura at Pag-aaral. Mula sa https://www.scribd.com/document/482094132/rrl-docx

Eliza, (2023). Isyung Panlipunan at Halimbawa. Mula sa https://sportystation.com/isyung-panlipunan-at-halimbawa/

Ladaban, R. (2022). *Kahalagahan ng Tauhan.* Mula sa https:// www.quizlet.com/54915 9109/Kahalagahan ng tauhan/flashcards

Mukul, M. (2022). Liberal Feminism. Mula sa https://blog.ipleaders.in/liberal-feminism/2022

Nehere, (2016). Pananaliksik-Filipino. *Sining-Sine: Sisid para sa Karangalan Pagsusuring Post-Feminismo sa Independent Film na Ang Babae sa Septic Tank* Mula sa https://www.scribd.com/document/451187624/Pananaliksik-Filipino-207

Oligan, J. A. (2019). Mga Isyung Panlipunan Sa Labinlimang Maikling Kwento ni Alcom- tiser P Tumangan Sr. Tungo sa Pagbuo ng Modyul. Pamantasang Manuel L. Quezon, 916 R. Hidalgo St., Quiapo, Manila. Di-nalathalang Tesis.

Rojas, R. Y. (2021). Larawang Ng Kababaihan. Mula sa https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/07/Q2157133143.pdf

San Juan, D.M. (2013*). Diwa ng Wika at Panitikan 7.* Diwa Learning System Inc. Legas- pi Village, Makati City.

Singleton, (2010). *Kabanata I Ang Suliranin at Kaligiran ng Pag Aaral.* Mula sa https://www.academia.edu/36152653/kabanata_i_ang_suliranin_at_